

Dakilang Awa

(Pambungad na Panalangin, pahina ii)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Ex 32:7-11, 13-14)

Ang sabi ng Diyos kay Moises

⁷NOONG mga araw na iyon, sinabi ng Panginoon kay Moises, “Balikan mo ngayon din ang mga Israelitang inialis mo sa Egipto, naroon at nagpapakasama. ⁸Tinalikdan nila agad ang mga utos ko. Gumawa sila ng guyang ginto. Iyon ang sinasamba nila ngayon at hinahandugan. Ang sabi nila’y iyon ang diyos na nag-alis sa kanila sa Egipto. ⁹Kilala ko ang mga taong iyan at alam kong matigas ang kanilang ulo. ¹⁰Kung gusto mo, lilipulin ko sila at sa iyo ko pagmumulain ang isang malaking bansa.”

Ang sabi ni Moises sa Diyos

¹¹Nagsumamo si Moises sa Panginoon: “Huwag po! Huwag ninyong lilipulin ang mga taong inialis ninyo sa Egipto sa pamamagitan ng inyong kapangyarihan. ¹³Alalahanin ninyo ang mga lingkod ninyong sina Abraham, Isaac at Jacob. Ipinangako ninyo sa kanila na ang lahi nila’y pararamihing tulad ng mga bituin sa langit at magiging kanila habang panahon ang lupang ipinangako ninyo.”

Ang Ginawa ng Diyos sa mga Tao

¹⁴Hindi nga itinuloy ng Panginoon ang balak na paglipol sa mga Israelita.

Tema: Pangako

PAGPAPALIWANAG

- Sa bb. 7-10, walang mga utang na loob ang mga Israelita. Yan ang pakiramdam ng Panginoon. Tinalikdan nila kaagad ang utos ng Panginoon.
- Gumawa sila ng guyang na ginto. Paano ba nangyari ito? Natagalan si Moises sa bundok



- ng Sinai at naiinip ang mga Israelita.
- Gumawa sila ng gintong guyang na para kay Aaron ito ay ang magiging apakan lamang ni Yahweh. Kaya iniutos ni Aaron na magkakaroon ng piyesta alay sa Panginoon kinabukasan. Ngunit umiba na ang paakahulugan ng mg Israelita. Lumabag na sila sa utos sa Exodo 20:4 na huwag silang gumawa ng imahen ng anumang nilalang na nasa langit, nasa lupa o nasa tubig upang sambahin. Kaya gayon na lang ang laking galit ng Panginoon (b.10).
 - Alang-alang sa kaligtasan ng bayan at sa ngalan ng awa, nagsumamo si Moises sa Panginoon. Nawa’y hindi niya lilipulin ang mga Israelita (bb. 11-13).
 - Pero hindi rin ganun kadali kay Moises. May inalok ang Panginoon sa kanya: na kung ganun kay Moises magmula ang isang malaking bansa.
 - Ngunit mas malaki ang awa at kalinisang loob ni Moises. Ipinaalala niya sa Panginoon ang kanyang pangako para sa bayang Israel.
 - Ang papel na ito Moises ay ang ginaganap ng mga propeta. Para sa mga Israelita, si Moises ang pinakadakilang propeta sa lahat. Kahit sila ay nagkasasala, sinikap ni Moises na maligtas sila sa balak na paglilipol ng bayan (b. 14).

PAGNINILAY

Kahanga-hanga ang katangian ni Moises. Matapat siya sa Panginoon at ginamit niya ito

upang mailigtas ang kanyang bayan.

Kahit na masama ang ikinielos ng mga Israelita, minahal pa rin sila ni Moises. Ipinaglaban sila sa harap ng Diyos.

SALMONG TUGUNAN (Slm 50)

BABALIK AKO SA AMA, PAGKAT AKO'Y
NAGKASALA.

IKALAWANG PAGBASA (1 Tim1:12-17)

Pagpapasalamat ni Pablo kay Kristo

¹²PINAKAMAMAHAL KO, nagpapasalamat ako kay Kristo Hesus na ating Panginoon, na nagbibigay sa akin ng lakas para sa gawaing ito, sapagkat ako'y minarapat niya at hinirang na maging lingkod. Hinirang niya ako upang maglingkod sa kanya bagamat noong una'y nagsalita ako laban sa kanya.

Ang Dating Gawi ni Pablo

Bukod dito'y inusig ko siya't nilait. ¹³Sa kabila nito'y kinahabagan ako ng Diyos sapagkat hindi ko nalalaman ang aking ginagawa noong hindi pa ako naniniwala sa kanya.

Naranasan ni Pablo ang Dakilang Habag ni Kristo

¹⁴Iginawad sa akin ng Panginoon ang kanyang masaganang pagpapala, kalakip ang pananampalataya at pag-ibig na nasa atin dahil sa pakikipag-isa kay Kristo Hesus. ¹⁵Narito ang isang katotohanang dapat tanggapi't paniwalaan ng lahat: si Kristo Hesus ay naparito sa sanlibutan upang iligtas ang mga makasalanan. ¹⁶At ako ang pinakamasama sa lahat. Ngunit kinahabagan ako ng Diyos upang sa nangyari sa akin ay ipakita ni Kristo Hesus kung gaano siya katiyaga, at maging halimbawa ito sa mga mananalig sa kanya at pagkakalooban ng buhay na walang hanggan.

Ang Doxolohiya ni Pablo

¹⁷Purihin at dakilain magpakailanman ang iisang Diyos, Haring walang hanggan, walang kamatayan, at di nakikita! Amen.

Tema: Ang Habag na Nararanasan ni Pablo

PAGPAPALIWANAG

- Ayon sa mga dalubhasa ang unang sulat ni Timoteo ay hindi sinulat ni Pablo. Ito ay maaaring sinulat ng mga tagasunod ni Pablo na ginamit ang kanyang pangalan upang magbigay pahalaga.
- Itong tagasunod na ito'y sumulat pagkaraan mahimlay ni Pablo, at ito ay tumutugon sa bagong sitwasyon na hindi na alam ni Pablo. Kaya nabibilang ito sa mga Sulat Pastoral (ang iba ay 2 Timoteo at Tito).
- Sa b.12 sinabi ni Pablo ang kasiyahan sapagkat binigyan siya ng lakas ng Kristong Panginoon. Ang dahilan: Itinuturing si Pablo ng Panginoon na karapat-dapat sa kanyang misyon.
- Sa b.13 inaalala ni Pablo ang pagiging hindi karapat-dapat. Ang kanyang malaking kasalanan, paguusig, at kamangmangan ay kalapastanganan sa Diyos. Ang lahat ng kasalanan ito ay labag sa pananampalataya at pag-ibig sa kapwa tao. Inalis ng mga kasalanan ito ang kanyang karapatan bilang isang ministro, pinuno, o misyonaryo.
- Si Pablo ay may kamalayan sa kanyang nakaraan na kasalanan.
- Ipinaliwanag ng b.13b na siya ay binigyan ng kapatawaran.
- Ang dahilan o ang patawad: kamangmangan at kawalang muwang.
- Ang b. 14 ay nagsasaad ng walang humpay na grasya mula kay Kristo, pananampalataya at pagibig.
- Sa b. 15, si Pablo ay nagpatotoo sa pagpapasigurado ng dahilan ng pagdating ng Kristo: kaligtasan.
- Si Pablo ay nagpahayag ng iba pang dahilan para sa kanyang kagalakan: ang unang naliligtas
- Sa b.16, binigyang pakahulugan ni Pablo ang plano ng Diyos: upang sa gayon ay magpatotoo ang Panginoon upang maipamalas sa mga tao

ang kadakilaan ng Diyos lalo na sa kanyang dakilang awa upang maligtas din tayo kagaya ni Hesus.

- Pinapapurihan ng b. 17 ang ang Diyos bilang hari sa lahat ng panahon at ng mga iba pa, bilang isang-buod sa kanyang pagtanaw ng utang na loob.

PAGNINILAY

Sa pagpapakita Niya ng kapatawaran at awa sa atin, ginawa niya na tayong kanyang instrumento ng kaligtasan.

MABUTING BALITA (Lc 15:1-32)

(Basahin ang teksto sa iyong bibliya)

“Anak, lagi kitang kapiling. Ang lahat ng ari-arian ko ay sa iyo. ³²Ngunit dapat tayong magsaya at magalak, sapagkat namatay na ang kapatid mo, ngunit muling nabuhay; nawala, ngunit nasumpungan.”

Tema: Di Mapatid na Kaligayahan

PAGPAPALIWANAG

- Buod ng Pagbasa

Panimula: (Lk 15: 1-3)

Unang talinhaga:

Ang talinhaga ng nawawalang tupa (Lk 15: 4-7)

Ikalawang Talinhaga:

Ang talinghaga ng nawawalang barya (Lk 15 8-10)

Ikatlong talinhaga: A

Ang talinghaga ng nawawalang anak (Lk 15:11-32)

- Magkasingtulad na katangian ng mga talinghaga:
- Sa eskriba at pariseo na nagtatanong/sumasalungat na may kasalanan sila ipinararating.
- Ang nawawalang tupa, barya at anak ay ang mga makasalanan.
- Ang lahat ng makasalanan ay mahalaga kay Hesus. Nais niya itong iligtas. Iniwan niya

ang lahat para sa kanila.

PAGNINILAY

Sa tatlong talinhaga, pinakita ng Panginoon ang kanyang awa sa mga makasalanan, hindi lang ng mga makasalanan ngunit sa lahat ng publiko na hindi dapat ituring ang sarili bilang espirituwal na pinuno.

II. PAG-UUGNAY

Sa Unang Pagbasa, tinakot ng Diyos ang mga Israelita ng kaparusahan kung hindi nila susudin ang mga utos nito, gayunpaman nagbago ang desisyon ng Diyos dahil sa pamamagitan ni Moises.

Sa Ikalawang Pagbasa, pinasalamatan ni San Pablo ang pagtitiwala ng Diyos sa kanya. Sa kabila ng mga pinagdaraanang kasalanan, si San Pablo ay naging tagasunod at misyonaryo ng Diyos. Gayunpaman, ipinakita ng Diyos ang kanyang awa kay San Pablo.

Ipinapakita sa atin ng Ebanghelyo ang awa ng Diyos sa mga makasalanan. Ang mga makasalanan ay nararapat na maparusahan ng Diyos, gayun pa man nakiisa ang Panginoong Hesus sa kanila. Nagagalak ang Diyos sa pagbabalik ng mga makasalan sa kanya.

III. SALAMIN NG BUHAY

1. Bilang isang Kristiyano, paano ka ba tumutugon sa pagtawag ng Diyos sa isang malalim na pakikipag-ugnayan sa kanya?

2. Nadarama mo ba ang Kanyang galakan?

Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM
Isinalin ni Fr. Kerwin Timothy Gaza

(Pangwakas na Panalangin, pahina ii)